

# CHAPTER ONE

**T**otoong napakarami niyang trabaho. Tambak ang papeles na kailangan niyang basahin at pirmahan. Tambak ang appointments niya para makipag-usap kay ganito at kay ganire. Kung bakit naman kasi wrong timing ang sulat na katatanggap lang niya.

Iyon ang pinoproblema ni Neneth, marketing manager ng *Rhoppel Philippines Holdings, Inc.*, isang korporasyon na ang linya ay ship repair at ship building.

Kaya maaga pa lang ay nakakunot-noo na siya. Alam niyang napupuna ito ng sekretarya niyang si Suzy. Alerto tuloy ito sa bawat pagkilos niya.

“Suzy, iyong appointment ko kay Mr. Echavaria, pakiayos mo nga. Pakiusapan mong mai-set natin ‘yon early next month.”

“Yes, Ma’am,” maagap na sagot nito. Nakaupo ito sa sariling puwesto sa gawing kanan niya.

“Iyong mga appointments ko next week, i-cancel mo lahat. I-reschedule mo na lang, please.”

"Including the seminar, Ma'am?"

Saglit na natigilan si Neneth. Natutop niyang bigla ang ulo. "Oo nga pala. Kailan nga ba 'yon?"

"On the twenty-second, Ma'am. Tuesday."

Napapalatak na lamang siya.

"Mukha ho yatang nag-overlap ang schedule n'yo, Ma'am?"

"Iyan nga ang pinoproblema ko ngayon, e. Kailangan ko kasing umuwi next week."

"Sa Iloilo, Ma'am?"

"Oo, katatanggap ko lang nitong sulat galing sa parents ko. Hindi ba't nabanggit ko sa 'yo na hindi natuloy ang family reunion namin last December? Ngayon nga iyon itutuloy. Unfortunately, hindi ko agad naipaayos ang schedule ko sa 'yo. Hindi ko kasi akalain na ganito kaaga nila ire-reset 'yon."

"Iyong ibang appointments n'yo, maaayos ko naman ho. Pero iyong seminar, Ma'am, mukhang magkakaproblema tayo. Kayo pa naman ang resource person doon."

"Yon na nga, e. Monday pa lang ay kailangan ko nang magbiyahe dahil sa Tuesday na ang reunion namin. In fact, ngayon pa lang ay padating na ang ibang relatives namin doon. Paano nga ba ang gagawin ko nito?"

Bagama't tila helpless ang hitsura ni Neneth, waring hindi niyon napingasan ang angkin nitong ganda. Beauty ang brains kasi ito.

"Gusto n'yo ho bang tawagan ko si Mr. Roval?" Si Suzy ulit, tinutukoy ang nag-imbata sa kanya para maging resource person sa seminar. Mga naval students ang nakatakda sana niyang kaharapin.

"Napakaikling notice naman ang ibibigay natin sa kanya para umurong ako. Sa Tuesday na 'yon. Thursday na ngayon."

"Kunsabagay ho, masyado nang alanganin."

Nag-isip siya sandali. Nanatiling nakatunghay lamang sa kanya si Suzy habang naghihintay ng sasabihin niya.

"Okay, pupunta ako. Right after the seminar, saka na lang ako hahabol sa reunion namin. Ikaw na ang bahala sa plane ticket ko."

"Yes, Ma'am." At muli na nga nitong hinarap ang trabaho. Ganoon din ang ginawa niya.

SI NENETH LICAROS ay twenty-nine years old na. Sa loob lamang ng apat na taong panunungkulan sa *Rhoppel Philippines* ay kay dali niyang naakyat ang mataas na posisyon. Siya na ngayon ang marketing manager ng kompanya. Sa bagay ay pinaghirapan

6 ————— *Huwag Mong Sukatin Ang Pag-ibig*  
naman talaga niya iyon.

Ngunit sa kabila ng success niyang matatawag ay may kulang pa rin. At her age, ayon sa mga kaibigan niya, dapat ay hindi lang siya basta career woman, dapat ay family woman na rin. Sa ganda raw niya ay hindi iyon imposible. Kaya nga marami ang nagtataka kung bakit hanggang sa kasalukuyan ay single pa rin siya. Miss Neneth Licaros pa rin.

Kung suitors ang pag-uusapan, marami siya noon. At hindi mga basta-basta lang. Nandiyan si Tophe na isang engineer. Si Garry na isang C.P.A. Si Ariel na isa ring matagumpay na businessman ay anak ng isa sa mga stockholders ng *Rhoppel*. At higit sa lahat, si Jeoffrey na isang bank manager. Ang pinakamasugid, wika nga, sa mga manliligaw niya.

Ngunit isa man sa mga ito ay wala siyang gusto kaya isa-isa niyang dinispatsa. Pero makulit si Jeoffrey. Patuloy ito sa pamimintuho hanggang sa ito na lang ang matira.

May sarili siyang dahilan. Bagay na madalas na ikataas ng kilay ng mga taong nakakakilala sa kanya, lalo na ang best friend niyang si Bessie. Lagi siya nitong tinutudyo. Baka raw sa kapipili niya ay mauwi siya sa bungi. Pagtawa lang ang tangi niyang isinasagot dito.

LINGGO. Pababa pa lang siya sa kotse ay natanaw na siya ni Bessie. Kaagad siya nitong sinalubong.

“Well, well... Anong masamang hangin ang nagtulak sa kaibigan kong workaholic at sa wakas ay naisipan ding lumabas, ha?” bungad nito.

“Ang O.A. mo, ‘no? Masama bang dalawin kita paminsan-minsan?”

Papasok na sila noon sa kabahayan patungo sa salas. Sa mga magulang ni Bessie ang bahay na iyon sa Paranaque. Dalaga pa rin kasi ito kaya nakapisan pa rin sa magulang. Ang kaibahan lang nila, may boyfriend na ito, siya’y wala.

“Paminsan-minsan? Baka once in a blue moon ang ibig mong sabihin. Anyway, tuloy ka. Tamang-tama at ako lang dito ngayon. Nagsigala ang mga kasama ko.” Ang mga magulang at dalawang nakakabatang kapatid ang tinutukoy nito.

“Ganoon ba?” Umupo siya sa isang sofa.

“Problems?” tanong kaagad ni Bessie pagkaupo sa tabi niya.

Tinawanan niya ito. “Ikaw talaga. Bakit, pag may problema lang ba kita pinupuntahan?”

“Hindi nga ba?” pairap pang sabi nito bagaman

"Hindi 'oy! Yayayain sana kita sa isang lakad. Kung gusto mo lang naman."

Namilog ang mga mata ni Bessie. "Talaga? You mean, the ever serious nerd is finally coming out of her shell? I can't believe it! Really!" exaggerated pang sabi nito.

"Loka! Huwag mo nga akong matawag-tawag na nerd. Ikaw talaga, exaggerated palagi."

"Correction, sa 'yo lang po, dahil talagang exaggerated din ang takbo ng utak mo. Mantakin mo naman, sa dami ng suitors mo na puro bigatin, hanggang ngayo'y single ka pa rin."

"Here we go again..." Napataas na lang ang tingin niya. "Ba't napunta na naman tayo sa topic na 'yan?"

"Talaga. Dahil hangga't hindi ka man lang nakikipag-commit, hindi kita titigilan, 'no!' pagtataray pa nito. "And for your information, dapat ay kabahan ka na dahil malapit ka nang mawala sa kalendaryo."

"Excuse me, ang dami ko yatang suitors. Ba't ako kakabahan?"

"Yon na nga, e. The trouble with you is you don't want any of them in your life. Alam mo kung bakit? Dahil exaggerated din ang standard mo sa pagpili ng

gusto mong maging lifetime partner."

Natawa na lang ulit siya. "Let's change the topic, okay?"

"Yan! 'Yan ang lagi mong sinasabi tuwing ipinamumukha ko sa 'yo ang totoo," medyo yamot na yatang sabi nito.

"All right, all right! Pero puwede bang iyong original na sadya ko na lang ang pag-usapan natin?"

Isang hindi tunay na irap muna ang ipinukol nito sa kanya. "Ano na nga ba 'yon?"

"Uuwi ako sa Iloilo, gusto mong sumama?"

Biglang napangiti si Bessie. "Magbabakasyon ka nang matagal? Ang sarap naman." At tila nagpantasyang bigla ang kaibigan. Bahagya pang tumingala. "Naaalala ko pa rin 'yong place n'yo. Breathtaking ang view. At ang mga fruits and vegetables, puro sariwa talaga," anito.

Ilang beses na rin kasi niyang naisama si Bessie sa Iloilo noong college pa lang sila at magkaklase sa *La Consolacion*. Best of friends na sila noon pa man.

"O ano, sama ka? Sa Tuesday na 'yon."

"Teka, ano nga pala ang okasyon?"

"Reunion namin. Na-postpone nga noong December, remember?"

"Oo nga pala. Pero teka, hindi ba magmumukha

10 *Huwag Mong Sukatin Ang Pag-ibig*  
naman akong intruder n'on? Baka ma-out of place lang ako."

"Of course not. Ikaw pa? Para ka na rin naman naming kapamilya and you know it."

"Kung sa bagay, halos lahat yata ng relatives mo'y nakilala ko na."

"O, join ka na, ha? Para may kasama ako. Friday din, uuwi na tayo. Bale almost four days din tayo d'on. May time pa tayong mamasyal."

"Ang sarap naman. Of course, gustung-gusto ko. Kaya lang..."

"Kaya lang ay ano?" Napakunot-noo siya.

"Kuwan kasi... tatawagan na lang kita mamayang gabi. Kasi siyempre, kailangan ko pang magpaalam kay Ed... alam mo na." Kumindat pa ang pilya.

Si Ed ang boyfriend nito, kapareho nitong accountant sa isang law firm. Tatlong taon na ring mag-steady ang dalawa.

Naisip niya itong biruin. "Kaya nga ba ayokong makipag-boyfriend, eh. Bawat lakad mo, kailangan pang ipagpaalam sa kanya. Kung mamalasin, hindi ka pa papayagan. Hay! Mabuti na lang at—"

"At wala kang boyfriend?" dugtong agad nito.  
"Excuse me, 'no! Kung hindi ko pa alam, inggit ka sa 'kin d'yan. Ang sabihin mo, hindi mo pa lang kasi

nakakatagpo ang katapat mo. Pagdating ni Mr. Right, whether you like it or not, sisige ka din. At iyang standards mo, babaliin mong lahat pagdating ng panahong ‘yon. Mark my words!”

“Ang dami pang sinasabi. Sasama ka ba o hindi?”

“Sasama siyempre. Pero magpapaalam pa rin ako kay Ed, kahit na alam kong papayagan ako n’on. Basta’t ikaw naman kasi ang kasama ko’y okay d’on.”

“Naks! Malakas pala ako sa boyfriend mo kung gan’on. Kasi’y alam niyang good girl ako,” aniya. Tinudyo niya ng tingin si Bessie. “Hindi tulad ng isa d’yan na paminsan-minsa’y dumadaplis at naa-attract pa rin sa iba kahit na—”

“Neneth!” sansala agad nito. “Natural ‘yon, ‘no? We were given eyes to appreciate beauty.”

“As long as you just appreciate or admire. Not to the point na pumapasok sa isip mo na palitan ang kasalukuyan mong boyfriend,” tudyo pa niya.

“Naman, eh!” Pumadyak pa ito. Pinamulahan ng mukha.

Nakuha agad nito ang ibig niyang sabihin. Minsan kasing nangyari ang ganoon kay Bessie. Nagkagusto ito sa isang businessman na nakilala nito. Boyfriend na nito noon si Ed. Mabuti’t hindi ito tuluyang nalulong. Sa tulong niya, siyempre.

“Okay, end of the topic. Dalawang tickets na ang ipapakuha ko sa secretary ko. Mabuti pa, pakainin mo na ‘ko. Ano ba’ng makakain?” pag-iiba na niya sa usapan.

Kaagad namang naalis ang pagkapahiya sa mukha ni Bessie. Nagkatawanan na lang sila.

## CHAPTER TWO

Nasa kalagitnaan na siya ng binabasa nang katukin siya sa silid ni Dolly, ang katulong niya at tanging kasama sa apartment.

Binabasa niya noon ang speech na inihanda niya.

Bukas ay nakatakda niya iyong sabihin sa harap ng mga estudyante ng *FEU*.

"Dolly... bakit?"

"Ate, nandiyan si Sir Jeoffrey."

Napasimangot bigla si Neneth. Talagang matiyaga ang isang ito. Sa loob yata ng isang linggo ay mga apat na beses ito kung dumalaw.

"Sabihin mong lalabas na 'ko. Itanong mo kung ano ang gustong inumin."

"Oo, Ate." Pagkuwa'y narinig niya ang mga papalayong yabag ni Dolly.

Pahinamad siyang tumayo mula sa pagkakaupo pasandal sa headboard ng kama. Iniwan niya sa side table ang binabasa.

Humarap siya sa salamin. Dinampot niya ang brush sa ibabaw ng tokador at pinasadahan ang buhok. Sa totoo lang ay tinatamad siyang magbihis.

Kung hindi lang nakakahiyang humarap sa bisita nang nakapantulog, ginawa na sana niya. Pagkaraang magbihis ay nilabas na niya ang manliligaw.

Ngiting-ngiti si Jeoffrey pagkakita sa kanya. Nagmagandang-gabi ito at saka inabot sa kanya ang isang supot ng ubas.

“Maupo ka. Ikaw ang lagi na lang may dala pagpunta dito,” aniya. Umupo siya sa sofa sa tapat ng kinauupuan ng bisita.

“Wala ‘yan. Hindi ba kita naaabala?”

*Matagal na, gusto sana niyang isagot.*

“Okay lang. Napasyal ka?” Sa totoo lang ay nagsasawa na siya sa kasasabi niyon. Iyon at iyon din ang sinasabi niya tuwing pupunta ito.

“Alam mo naman kung bakit ako napaparito, di ba?”

Napabuntong-hininga ang dalaga. “Jeoffrey, sinabi ko na naman sa ‘yong hindi ko pa—”

“Kahit matagal, Neneth, handa akong maghintay. Hindi ako maiinip, promise.”

Saka siya nito tinitigan. Tinging tila nagpapaawa, nagpapaunawa.

“N-napakahirap ko bang mahalin, Neneth?” seryosong tanong nito.

Hindi, gusto na naman niyang isagot. Edukado at

disenteng tao si Jeoffrey. Galing sa kilalang pamilya sa Maynila. Stable. At alam niyang handa nang magpamilya. Bagaman marami sa mga katangiang hinahanap niya ang taglay nito, tiyak niya sa sarili na hindi si Jeoffrey ang lalaking ibig niyang makasama sa buhay. Kahit pa marami sa panukat niya ang naipasa nito nang hindi nito alam.

Naging ugali na kasi niya ang magtanung-tanong tungkol sa background ng mga lalaking nanliligaw sa kanya. At natuklasan niya na mayroong hindi magandang bisyo si Jeoffrey. Gambler pala ito, nagka-casino. Palibhasa ay may-kaya.

Kay Bessie niya iyon nalaman. Na pinatotohanan ng iba pa nilang kakilala na nakakakilala rin kay Jeoffrey. Iyon ang isang bagay na ikinabagsak nito sa mga pamantayan niya. Hindi niya pinangarap na magkaasawa ng isang sugarol. Katunayan ay ito ang una niyang dinispatsa sa apat. Pero hindi niya sinabi kay Jeoffrey ang kumbaga ay naging ‘demerit’ nito sa standard ng puso niya. Pero makulit ito talaga. Nagpabalik-balik pa rin.

“Maraming iba, Jeoffrey. Mas higit sa ‘kin. Bakit hindi mo subuking—”

“Gagawin ko ‘yon kung kaya ko, Neneth. Pero paano ako makakapanligaw sa iba kung ikaw at ikaw

16 ————— *Huwag Mong Sukatin Ang Pag-ibig*  
pa rin ang hinahanap ko?" sabi nito sa malungkot na tinig.

"Nasasabi mo lang 'yan. Give yourself a chance. Stop seeing me. I think it's the best thing to do para makalaya ka. Marami kang positive traits kaya imposibleng hindi ka makatagpo ng ibang babaeng magmamahal sa 'yo."

Tinitigan siya nitong muli. "Anong positive trait pa ang kailangan ko para magustuhan mo ako, Neneth?"

Natigilan siya. Gusto sana niyang isagot na alisin nito ang negative trait na ikinaaayaw niya pero nag-aalala siya na baka ma-offend ito.

"Naniniwala ka ba sa vibration?" naisip niyang itanong. "Jeoffrey, nase-sense ko na hindi tayo compatible. Ayokong paasahin kita 'tapos ay sa wala din pala mauuwi ang ipinaghihintay mo."

"But you can't talk of compatibility unless makasama mo nang matagal ang isang tao. Iyon lang ang hinihingi ko sa 'yo, Neth. Just give me a chance to prove to you na compatible tayo. Please?" Nasa tinig nito ang pagsusumamo.

Hindi na lamang siya kumibo. Ito na rin mismo ang nag-iba ng topic nila. Nagkuwento ito ng kung anu-ano. Panay tango lang ang isinagot niya rito.

Mahigit isang oras din ito roon bago nagpaalam.

Sa pag-alis nito ay lihim niyang nahiling na sana ay hindi na ito muling bumalik pa. Na sana ay tigilan na siya. Dahil tiyak niya sa sarili na hindi ito ang gusto ng puso niya.

## ALA SEIS ANG SCHEDULE NG FLIGHT

patungo sa Iloilo. Mula sa *Iloilo Domestic Airport* ay sasakay pa sila patungo sa kanila, sa Agboy Sur, Leon, Iloilo.

Madilim na nang lumapag ang sinasakyan nilang eroplano sa *Iloilo Domestic Airport*. At halos hatinggabi na nang sapitin nila ang *Villa Licaros*. Humihingal pa sila halos ni Bessie nang makababa ng taxi na inupahan nilang maghatid hanggang sa villa.

Maliwanag na maliwanag ang bakuran ng villa. At sa kinatatayuan nila ay dinig na dinig ang ingay na likha ng mga kaanak nila.

“Sa wakas!” bulalas ni Bessie. Nakuha pa nitong ngumiti sa kabila ng pagod na nadarama.

Marahil ay may nakapansin sa paghinto ng sinakyan nilang taxi. Nakita nila ang pagsalubong sa kanila ng isang lalaki. Ang likod nito ang naiilawan kaya hindi niya ito gaanong makilala.

“Ate ‘Neth?” tila alanganing tanong pa ng

18 *Huwag Mong Sukatin Ang Pag-ibig*  
kapatid na si Raul habang papalapit ito sa gate. "Ate 'Neth, akala nami'y hindi ka na dadating." Patakbo itong lumapit sa kanila.

"Kanina pa ba kayo nag-uumpisa? Ang bagal kasi ng taxi na nasakyan namin, eh," sabi niya sa kapatid.

"Hindi mo naman kasi binanggit sa telegrama mo kung anong oras ang flight n'yo para nasundo sana namin kayo sa airport. Ako na ang magdadala niyan." Kinuha ni Raul ang mga dala-dala nila.

"Si Bessie nga pala. Nag-meet na kayo, di ba?"

"Oo. Hi Bessie!"

"Hi! Hindi ba ikaw ang bunso? Aba, binatang-binata ka na pala, 'no?"

"Anong binatang-binata? May asawa na po 'yan at malapit na ring maging tatay, 'no?"

"Ha?" Ang gulat ni Bessie.

Natawa naman si Raul. "Tumuloy na kayo ni Bessie sa lawn, Ate. Kayo na lang ang hinihintay. Ipapanhik ko muna itong mga gamit n'yo sa itaas."

Nagpatiuna na nga si Raul. Hinila naman niya patungo sa lawn si Bessie.

"Kailan pa nagpakasal 'yon? Ba't hindi ko yata nabalitaan?" usisa pa rin ni Bessie.

"Hindi pa. Nagtanan kasi ang lokong 'yon, eh. Nabuntis kasi si babae. Napagkasunduan na

pagkapanganak na lang ni Michelle, ang nobya niya, saka sila ipapakasal. Nag-aaral pa kasi ‘yong babae. Menor de edad, sa madaling salita.”

“Ang lagay palang ‘yon, may kapatid kang matinik sa chicks,” tatawa-tawa pang sabi ni Bessie, waring nanunudyo.

“O, mukhang may ibig ka na namang sabihin d’yan. Tigilan mo ‘ko. Hanggang dito ba naman?”

“Wala naman akong sinasabi, a.”

“Wala nga, pero—”

“Neneth!” Nakita na sila ng mama niya. Palapit na ito noon sa kanila. “Anak... tuloy kayo.” Yumakap agad ito sa kanya.

“Good evening, Ma.” Nahinto sa pagkakasayahan ang mga naroroon at naglapitan sa kanila. “Sorry, we’re late. Ginabi kasi kami ng alis sa Manila, eh.”

“It’s all right, Anak. Ang mahalaga’y nakarating kayo,” masayang sabi ng mama niya.

“Ang Papa nga pala?”

“Narito ‘ko, Anak,” sagot agad nito, nasa likuran lang pala niya. Niyakap din siya nito at hinagkan.

“Si Bessie nga pala. Kilala n’yo na siya, di ba?” pakilala niya sa kaibigan.

“Good evening ho sa inyong lahat,” bati naman ni Bessie sa lahat ng naroroon.

Saka lang isa-isang niyakap si Neneth ng mga kamag-anak niyang sabik din sa kanya. Matagal din kasi silang hindi nagkita-kita. Dalawang Pasko siyang hindi nakauwi.

“Teka, tiyak na gutom na kayo niyan,” sabad ng mama niya.

“Hindi kayo nagkakamali, Ma. Pakainin n’yo muna kami ni Bessie. Para naman ready kami sa magdamagang kuwentuhan,” biro pa niya. Natawa tuloy ang mga naroroon.

ALAS DOS NA NG MADALING-ARAW ay wala pa ring tigil ang kuwentuhan ng pamilya nila. Puro matatanda na nga lang ang natira. Pinatulog na ang mga maliliit na pamangkin ni Neneth.

“Ang lagay ay kailan mo ba naman kami iimbitahan, ha, Neneth?” tanong ng Tiya Agring niya.

Nagkakape na sila noon. Walang patid ang pagsisilbi ng mga katulong nila na sa pagkakaalam niya ay roon na rin nagsitanda.

“Iimbitahan hong paano?” tanong niya.

“Aba’y sa kasal mo. Saan pa?”

Muntik na siyang masamid sa kapeng iniinom niya.

“Oo nga naman,” segunda ng Tiyo Gonzalo niya.

“Aba’y napag-iiwanan ka na ng mga kapatid mo, ah.”

Umugong bigla sa salas ang malakas na tawanan. Nang balingan niya si Bessie na nasa tabi lang niya, pakiwari niya ay pinakamalakas pa ang tawa nito. Ibig na ibig niyang mainis sa kaibigan pero hindi na lang siya nagpahalata rito.

“Ba’t nga ba hindi ka pa mag-asawa, Ate?” tanong ni Lily. “Tingnan mo at nakatatlo na nga ako,” dugtong pa nito na tila ba nanunudyo. Nagtawanan ulit.

“At ako naman, nakadalawa na,” segunda ni Mayeth.

“Ako rin! Malapit nang makaisa,” susog pa ng bunso nilang si Raul.

Lalong umugong ang tawanan. Pakiramdam niya ay pinamumulahan na siya ng mukha. Kung bakit kasi mukhang pinagkakaisahan yata siya ng mga ito. Sinasabi na nga ba niya at uulanin na naman siya ng kantiyaw.

Tuwing nagkaka-family reunion sila, palaging siya ang nakakainitang tuksuhin. Noong si Lily ang unang nag-asawa, sinimulan na siyang kantiyawan. Nadoble iyon nang si Mayeth na ang ikasal. At ngayong pati ang bunso nila ay natali na rin bagaman hindi pa nga lang opisyal, parang hindi na yata okay

sa pakiramdam niya ang mga tukso. Iba na yata ang dating sa kanya ng mga iyon. Parang masakit na sa dibdib. Tiningnan niyang muli si Bessie. Kung bakit naman may nabasa siya sa mga mata nito na para bang sinasabing: 'Nakita mo na?'

"Bata pa naman ako, ah," pagbabagong-puri niya, sa kabila ng iba nang pakiramdam sa dibdib niya.

"Pero, Ate," sabad ni Mayeth, "don't you think it's about time na pag-isipan mo na 'yon? Tama si Raul, you're not getting any younger. Hindi naman kami naniniwalang walang nanliligaw sa 'yo. Tanggap naman naming sa ating tatlo, iba ang beauty mo. Di ba, Ate Lily?"

"Oo naman. Kaya nga parang mahirap bigyan ng logic ang hindi mo pa din pag-aasawa sa edad mong 'yan. Kaya tuloy natutukso ka nang ganito."

Sa sinabing iyon ng dalawa niyang kapatid, nadama niya ang sinseridad ng mga ito, ang pagnanais na maging maligaya siya.

Minsan pang nahagip ng tingin niya si Bessie. Nasi-sense niyang gusto na nitong sumabad. At tiyak niya, isa lang ang sasabihin nito. Ang standard na simula't sapol ay naka-set na sa isip niya. Ang mga pamantayan niya sa pagpili ng magiging asawa na ayon na rin kay Bessie ay masyadong mataas at

masyadong ideal.

“Huwag mo naman sabihin, Ate, na paparis ka kay...” Dahan-dahan pang nilingon ni Raul ang katabi ng mama niya. “Kay Tiya Juliana?” dugtong nito.

“Diyaskeng bata ito’t ako naman ang nakita!” mabilis na reaksiyon ng kanyang tiya.

Nagdumoble ang tawanan sa puntong iyon. Maski siya ay totoong napabunghalit na ng tawa.

Ang kanilang Tiya Juliana ang bunsong kapatid ng mama nila. Edad fifty-five na ito pero dalaga pa rin. Ayon sa mama nila, nasaktan daw ito nang husto nang mamatay ang dating kasintahan nito sa isang aksidente. Inilibing nito ang puso kasama ng lalaking nag-iisa raw sa buhay nito. Kaya nga kapuna-punang hindi ito nakikihalo sa usapan. Kung bakit napagbalingan nga ni Raul.

“Parang hindi n’yo alam ang istorya ng Tiya Juliana,” putol niya sa tawanan. “Huwag n’yo na nga siyang tuksuhin. Ako lang naman ang tinutukso n’yo, nandamay pa kayo. Okay, para wala na kayong tuksuhin, bago dumating ang susunod na reunion natin, I promise, magpapakasal ako.”

Dagling natigil ang mga naroroon. Napatingin lahat sa kanya. Iba’t ibang reaksiyon ang nabasa niya sa mukha ng mga ito.

Sa mga naroroon, ang reaksiyon ni Bessie ang hindi niya nagustuhan. Tipo bang nanghahamon ito. Kasi nga ay ito ang nakakaalam ng tunay niyang dahilan sa hindi pa niya pag-aasawa.

## CHAPTER THREE

Ayaw siyang patulugin ni Bessie hangga't hindi siya nagtatapat kung sino sa apat na suitors niya ang sasagutin na niya at pakakasalan.

"Bessie naman. Madaling-araw na, 'no? Matulog na tayo."

Share sila sa dati niyang kuwarto. Kanya pa rin naman iyon kapag umuuwi siya sa villa.

"Oo ba. Pero sagutin mo muna ang itinatanong ko't nang patulugin na kita."

"Ang kulit mo naman kasi, eh." Halos magdaop na ang mga mata niya pero ayaw pa rin siya nitong pahigain sa kama. Pilit siyang hinaharangan.

"Para isang pangalan lang ang sasabihin mo, hindi mo magawa? Tophe, Garry, Ariel or Jeoffrey? O baka naman may iba pa bukod sa kanila?"

"Ang kulit! Sinabi nang wala sa kanila, eh. Hindi ba't sinabi ko sa 'yo na binasted ko na silang lahat?"

"You mean, stir lang 'yong sinabi mo sa mga relatives mo kanina?"

"Na-provoke lang kasi ako. Nakita mo naman

26 — *Huwag Mong Sukatin Ang Pag-ibig*  
kung paano nila ako tinukso. Aaminin ko sa 'yo,  
masakit. Feeling ko kanina, ang pangit-pangit ko kaya  
hindi ako makapag-asawa." Sa wakas ay naibulalas  
din niya ang totoong laman ng dibdib.

"Hindi 'yon totoo. Ikaw lang naman ang may  
ayaw, eh. Kung ginusto mo lang, baka matagal ka  
nang may asawa."

"Amen. Puwede ba, Bes... antok na antok na  
talaga ako, eh. Patulugin mo na naman ako, please?"

Pinaraan naman siya nito. Pabagsak niyang  
inihiga ang katawan sa kama. Patang-pata talaga  
ang pakiramdam niya. Tumabi na rin ng higa sa  
kanya si Bessie. Bago niya ipinikit ang mga mata ay  
nagpahabol-salita siya.

"But I mean it," sabi niya.

Muling bumalikwas nang bangon si Bessie at  
hinarap siya.

"Bago dumating ang susunod naming reunion,  
titiyakin kong may asawa na akong ipapakilala sa  
kanila."

"Neth... P-paanong...? Pakiisplika mo nga."

"Tomorrow. Good night." Tinalikuran na niya  
ito.

"Teka, teka... binibitin mo naman ako, eh. Neneth,  
ano ba? Ngayon mo na ipaliwanag kahit pahapyaw

lang.”

Pero totoong tulog na noon si Neneth.

“ANAK,” simula ng mama niya, “huwag mong seryosohin ang mga tukso nila sa ‘yo.”

Magkasama sila nang umagang iyon sa orchidarium nito na nasa likuran ng bahay. Iyon ang naging libangan ng mama niya magmula nang magretiro ito sa pagtuturo. Ang papa naman niya ay retirado na rin sa pamumuno sa sarili nilang negosyo. May prawn farm sila at ngayon ay pinamamahalaan iyon ni Raul. Bagaman tapos ng engineering si Raul ay ito ang naatasan na kapalit ng papa niya.

“Okay lang ‘yon, Ma. Alam ko namang biro lang nila ‘yon sa akin.”

Saglit na tumigil sa pag-aalis ng tuyong dahon ng orchids ang mama niya. Inakay siya nito patungo sa isang bench na bato. Magkatabi silang umupo roon.

“Neneth, hindi sa pinangungunahan kita. Sa isang banda kasi’y may punto ang mga kapatid mo. Mahirap ang nag-iisa, Anak. Iba ang mayroong kasama sa pagtanda. Tingnan mo kami ng papa mo, isa-isa kayong nawala sa poder namin pero hindi kami natakot dahil dalawa pa rin kaming magkasama.”

"Naiintindihan ko ang ibig ninyong sabihin, Ma.

Sino nga ba ang ayaw na mag-settle down? Siyempre, gusto ko din 'yon. Katunayan ay may mga suitors din ako sa Manila."

"Yon naman pala." Ginagap pa nito ang kamay niya. "Wala ka pa bang napipisil sa kanila?"

"Wala nga ho, eh," derecho niyang sagot. Sa lahat yata ng tao sa mundo, ang mama niya ang hindi niya magawang paglihiman. Kasi ay alam niyang nababasa nito ang kanyang kalooban.

"Bakit naman? Ano ba ang problema sa kanila?"

Hindi siya kaagad nakasagot. Parang nahihiya siyang sabihin dito ang totoo. Baka hindi siya nito maunawaan, gaya ng hindi pagkaunawa sa kanya ni Bessie.

"Siguro, Ma, wala pa lang talaga sa kanila ang katapat ko. Hindi pa lang siguro dumarating ang Prince Charming ko," pagbibiro na lang niya.

Natatawang niyapos siya ng ina.

"Pero huwag kayong mainip, Ma. Nangako ako kagabi, di ba?"

"Tototohanin mo 'yon? Paano 'yon mangyayari gayong sabi mo nga'y wala kang nagugustuhan sa mga manliligaw mo?"

Nagkibit-balikat siya. Nginitian niya ito.

“Promises are made to be broken naman, di ba?”

“Pilya!” Natawa na rin ang mama niya. “Pero, Anak, hangad kong lumigaya ka na rin gaya ng mga kapatid mo.”

Nababasa niya sa mga mata ng ginang ang sinseridad sa sinabi nito. Tinugon niya iyon ng mahigpit na yakap.

NANG MAGISING SI BESSIE ay kaagad siya nitong niyayang mamasyal. Pinagamit sa kanila ng papa niya ang kotse nito. Dahil hapon na noon, inilibot lang niya sa tabi-tabi si Bessie. Hindi na sila gumawi sa kabayanan. Tatal ay may dalawang araw pa naman sila para mamasyal bago magbalik sa Maynila.

Dala ang baon nilang pagkain, humanap sila ng magandang lugar. Sa may lilim ng isang puno nila inilatag ang baon nilang sapin. Nag-picnic sila roon hanggang abutin sila ng paglubog ng araw.

“Parang sunset sa Manila Bay, ano?” Si Bessie. Nakasandal ito sa katawan ng mayabong na puno ng mangga, paharap sa nilulubugan ng araw. Baryung-baryo pa rin ang lugar nila. May malawak na taniman ng palay silang natatanaw.

Ang prominente sa tanawin ay ang makapal

30 — *Huwag Mong Sukatin Ang Pag-ibig*  
na puno ng mga mangga bago sapitin ang villa.

Palibhasa ay madilim na kagabing dumating sila kaya marahil hindi nila iyon kaagad napansin.

Ang tanda niya ay dating palayan din ang ngayon ay kinatatayuan ng mga punong iyon.

“Na-miss ko din ang tanawing ‘yan,” aniya sa kaibigan. Tinabihan niya ito sa kinatatayuan. “Bago ako mag-college noon sa Manila, lagi kaming nagpicnic dito ng mga friends ko.”

“Mawalang galang na sa inyo,” anang tinig.

Halos sabay silang napalingon ni Bessie sa gawi ng pinagmulan ng tinig.

Isang lalaki ang hindi nila namalayang nakalapit sa kanila.

“Tingin ko’y mga dayo kayo kaya hindi n’yo alam,” sabi ng lalaki. Halinhinan silang tiningnan ni Bessie. Nang mapatapat ang tingin nito sa kanya, pakiramdam niya ay bigla siyang kinabahan. Hindi niya alam kung bakit.

“Kapag gumagabi kasi’y naglalabasan ang mga ahas dito. Makakabuting umuwi na kayo. Pareho pa naman kayong babae.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na ito.

Nagpasikut-sikot ang lalaki sa pagitan ng mga puno. Palayo nang palayo hanggang sa mawala ito sa

paningin nila.

“Ang guwapo!” bulalas ni Bessie. Pumalatak pa ito. Noon lang ito nagsalita. Siguro ay tulad din niya itong pinanood lang ang paglayo ng lalaki.

“Halika na, dalian natin ang pagliligpit. Baka nga totoong naglalabasan ang mga ahas dito pag gabi.” Inunahan na niya itong dumampot ng mga dala nila.

Isinilid nila ni Bessie sa dala nilang picnic basket ang mga pagkaing hindi man lang nila napangalahati. Saka magkatuwang nila iyong binitbit patungo sa kotse. Halos takbuhin nila ang pabalik sa kotse matapos masambot ang kanilang dala-dalahan. Humihingal sila kapwa ni Bessie nang makapasok sa sasakyan.

“Whew! Nawala ang kinain ko, ah.” Si Bessie.

Ini-start niya kaagad ang kotse. Binilisan niya ang pagpapaandar niyon. Latag na kasi ang dilim. Nang siguro ay nawala na rin ang takot ni Bessie, nagsimula na itong dumaldal.

“Come to think of it, akalain ba nating sa lugar na pinamumugaran pala ng mga sawa tayo makakakita ng ganoong ka-guwapo at ka-machong guy? Kung bakit naman kasi nawala sa isip kong tanungin man lang ang pangalan ng ating Sir Galahad. Tingin ko’y attracted agad sa ‘yo, eh. Ano sa palagay mo?”

"Excuse me, 'no! Ang baduy n'ya," sabi niya, sabay irap dito.

"Pero guwapo. Admit it."

"Ewan, hindi ko masyadong nabistahan, eh."

"Ow? Tingin ko'y nakipagtitigan ka rin, eh."

"Hindi, a. Tingnan mo nga at napaka-ungentleman. Ni hindi nag-offer na tulungan tayong magligpit. Basta na lang umalis."

"At least, binigyan tayo ng warning. Totoo kayang lumalabas d'on ang mga ahas pag gabi?"

"Ewan."

Pagkuwan ay tinudyo siya ng tingin ni Bessie. "Wala bang dating, ha? Ang lagkit ng titig sa 'yo, eh. Iyong tipo bang ikaw lang ang nakikita, hindi ako kasali."

Natawa siya sa sinabi nito. "Ikaw ang taong exaggerated lagi kung magsalita."

"Guwapo, di ba?"

"Baduy!" Iyon ang tingin niya sa lalaki. Nakakupasing maong ito na inililis pa hanggang tuhod. Nakade-gomang tsinelas. Nakakamisadentrang kupas na rin. Nagmukha tuloy itong magsasaka.

"Okay, guwapo kahit baduy," hirit pa rin ni Bessie.

"Oo na, matigil ka lang."

Ito naman ang kapagdaka ay natawa. Pagkatapos ay muling biglang sumeryoso. Malapit na sila sa villa noon. Sukat na utusan siya nitong itabi ang kotse.

"Basta ihinto mo muna, safe na naman tayo dito. May sasabihin lang ako."

Para hindi na sila magtalo ay sinunod niya ito. Iginilid niya ang kotse sa daan, pinatay ang makina at hinarap ito.

"Now, what?"

"Direct ang gusto kong sagot. Walang ligoy. Tototohanin mo ba talaga ang promise mo sa kanila?" seryosong tanong nito.

Natawa siya sa kadramahan ng kaibigan.

"Give me an answer!"

"Yes." Nakisakay na rin siya.

"Give me one valid reason kung bakit wala sa apat mong suitors ang gusto mong maging husband."

"Bes, you know the... okay." Napabuntong-hininga siya. Matiim kasi siyang tiningnan nito. "Si Tophe, number 4 sa standard ko ang na-violate niya. Si Garry, number 7. Si Ariel, number 5 at si Jeoffrey, number 6. Satisfied?"

Napasimangot bigla si Bessie. "Umuwi na tayo," sabi nito na tila naiinis.

"Ikaw kasi, eh. Gusto mo pang sagutin ko ang tanong mo, di nainis ka lang. Alam mo naman ang sagot, tatanung-tanong ka pa d'yan."

"Okay, okay. One last question, ready ka bang bale-walain ang absurd na standard mo?"

"Ano bang klaseng tanong 'yan?"

"A good one. Kaya sagutin mo."

Napatingin siya rito nang may pagtataka. "Look, Bes, mali bang hanapin ko ang ideal na lalaking gusto kong maging asawa?"

"Walang ideal man, Neneth. Magugunaw ang mundo pero wala kang makikitang lalaki na taglay lahat ang katangiang hinahanap mo."

"I think we'd better stop this argument. Magkaiba tayo ng paniniwala sa puntong 'yan." Ini-start niya ulit ang makina.

"Time will come na babaliin mong lahat ang panuntunan mo, 'Neth. Kapag nag-utos 'yang puso mo, I assure you, makakalimutan mong may one to ten kang itinakda para sa lalaking pakakasalan mo," pahabol pa ni Bessie.

Naiiling na tinawanan na lang niya ang kaibigan.

IKATLONG ARAW NA ng pamamalagi nila ni Bessie sa villa. Nasanay na rin siya sa ingay ng mga

pamangkin niya. Pero enjoy siya sa pakikipaglaro sa mga ito at sa pakikipag-babytalk.

“Kung nag-aasawa ka na ba, eh, di may sarili ka nang ganyan,” sabi ni Lily. Hindi niya napunang pinagmamasdan na pala siya nito mula sa kinauupuang sofa.

“Hayaan mo, malapit na,” sagot niya.

Natawa ito. Nakitabi siya ng upo kay Lily. “Kailan nga pala ang balik n’yo sa States?”

“Next week, Ate. Two weeks lang kasi ang ibinigay na bakasyon kay Neil sa office n’ya.”

Noon ay papasok sa salas ang mama nila. Kasabay nito si Mayeth na karga ang anak na si Nicole Anne. Tatlong taon ang pamangkin niya.

“Lola! Lola!” salubong na sigaw ng mga pamangkin niya nang makita ang mama niya. Nagsihalik ang mga ito at pagkatapos ay nagbalik na sa paglalaro.

“Ang Papa ho?” tanong niya.

“Sinamahan si Raul. Nag-aayos na kasi ng papeles ang kapatid mo para sa kasal nila ni Michelle.”

“Kailan na nga ho ba ang due date ni Michelle?”  
Si Lily.

“This month daw. Natutulog na naman nga ngayon ang batang ‘yon. Sabi ko’y iwasan ang

36 — *Huwag Mong Sukatin Ang Pag-ibig*  
pagtulog sa tanghali at minamangas na, eh."

"Ganoon din ho ako sa panganay ko, eh," sabi ni Mayeth.

"Maiba ako, Ma. Kahapong mamasyal kami ni Bessie, napansin kong puro puno ng mangga na nakatanim sa dating palayan. Iyon ho bang katabi ng sa atin."

"Ay, oo. Ang lahat ng natatanaw mong taniman ng mangga ay pag-aari ni Remedios dati. Iyon bang kapitbahay natin noon. Dalaga 'yon at nag-iisa na. Nang mamatay si Remedios, balita ko'y ipinamana ang lahat ng ari-arian nito sa isang pamangkin daw. Hindi naman alam kung sinong pamangkin. May tatlong buwan pa lang naman kasing namamatay si Remedios. Ang alam nami'y pinamamahalaan iyon ngayon ni Tandang Nato."

"Ganoon ho ba? Ibig ninyong sabihin ay pinagkakakitaan 'yon?"

"Oo, Ate." Si Mayeth. "May mga mamamakyaw na dumadayo pa dito sa atin."

"Paanong mamamakyaw?" tanong ni Lily. Kasi nga ay sa Amerika na rin ito namalagi nang matagal kaya tulad niya ay wala na rin itong alam sa lugar na sinilangan nila.

"Halimbawa, babayaran ang isang daang puno

ng mangga. Lahat ng mapipitas doong bunga ay mapupunta doon sa bumili. Ang alam namin ay ini-export 'yon ng mga mamamakyaw, eh," paliwanag ni Mayeth.

"Malaking pera ang inaakyat ng mga punong 'yon, Anak." Ang mama ulit niya.

"Magandang business nga ho iyon," sang-ayon niya.

"At hindi malayong sa mga darating pang araw ay maging manggahan na rin ang mga palayan dito." Si Mayeth.

Napukaw ang pagiging businessminded ni Neneth. Nagkuwenta agad siya sa isip.

"Ma, magkano ho ba ang bilihan nila sa isang puno?"

Nagkatinginan ang mama niya at si Mayeth. Nakatingin na rin si Lily na siguro ay nahuhulaan na ang tinutumbok ng tanong niya.

"Aba'y hindi ko alam. Ikaw ba alam mo, Mayeth?"

"Hindi rin ho, eh. Bakit, Ate, balak mong mag-invest?"

"Parang interesado ako."

Mabilis na nangiti sa kanya ang mama niya. "Ang anak na ire... kaya ka yata hindi makapag-asawa ay

38 ————— *Huwag Mong Sukatin Ang Pag-ibig*  
dahil puro negosyo ang nasa isip mo, eh." Natawa  
silang lahat.

"Kung sa bagay, may katwiran ang Ate," sabi ni Lily. "Magandang pasukin ang business na 'yan."

"Actually, 'Ma, may kilala akong tao na puwedeng tumulong sa akin kung gusto kong pasukin ang pag-e-export. Mabuti ho sigurong kausapin ko ang sinasabi ninyong tagapamahala ng taniman. Ano na nga ho ulit ang pangalan no'n?"

"Nato. Kailan mo kakausapin? Mabuti yata'y pasama ka sa papa mo."

"Si Bessie na lang, 'Ma. Tatal, sa tabi lang naman nitong villa. Day after tomorrow ay babalik na kami ng Maynila kaya dapat siguro'y ngayon ko na kausapin iyong Mang Nato."

"Ikaw ang bahala. Ipagtanong mo na lang ang bahay. Tandang Nato 'ka mo."

"Maiwan ko nga muna kayo." Tumayo na siya at humalik sa mama niya. "Pahiram ulit ng kotse ni Papa, Ma."

"Iyong sa amin na ang gamitin mo, Ate," prisinta ni Mayeth. "Dala ni Papa ang kotse. Heto ang susi." At initsa nito sa kanya ang susi.

"Thanks. Aalis muna kami, Ma. Tatawagin ko lang si Bessie, baka natutulog na naman."

Puno ng paghanga at simpatiya ang mga tinging naghatid sa papalayong si Neneth.